
Magasin ng BAGONG Buhay

Linggo, Mayo 13, 1951

**ANG KASAYSAYAN NG PAG-IBIG NG MGA BATHALA SA BUNDOK NG OLYMPUS! ANG UNANG PELIKULANG YARI SA KAPULUAN UKOL SA MITEOLOHIYA — ISINAPELIKULANG TAGLAY ANG LAHAT NG KARILAGAN NG MATANDANG GRESYA!**



# Masarap na Pagkain... Kasiyahan ng Mag-anak!



***G. Emilio Santamaria at mag-anak***
***Baguio City***

***Sa kalamigan ng klima sa Baguio, lalong kailangan ang masasarap at mainit na pagkain!***

**Isang katotohanan na dahil sa lamig ng panahon ay lalong magana sa pagkain ang buong pamilya... dapat na sila'y ipaghanda ng lalong higit sa tuwing kakain! Ito'y napakadali para sa taga-Bagyong si Gng. Angela Rufon-Santamaria. Sa pamamagitan ng Purico, ay nakapaghahanda siya ng iba't ibang mga lutuin na totoong kinasasabikan ng buong pamilya!**

**Kahit sa paggigisa, pagpiprito, o paghuhurno. . . . maging sa mainit na panahon o sa malamig... madadama ninyo na ang Purico na ang pinakamagaling na mantika para sa lahat ng pangangailangan sa kusina! Bilhin ang nasa karton nito sa inyong suking tindahan!**



**Wika ni Purita:**
**"Ang tatak Purico sa mantikang ito ay registrado ng Philippine Manufacturing Company."**

***Always PURE! Always RICH!***

Ipadala ang inyong lutuin kay Purita, c/o Dept. 5. P. O. Box 802 Maynila. Sa malalathalang lutuin ay pagkakalooban kayo ni Purita ng isang handog. Ang isang takip ng karton ng Purico ay maaari ninyong ipagpalit ng nalathala nang lutuin.




## MINUDONG LABAHITA

PMC Recipe #185

- ½ kilong labahita
- 6 patatas, katamtaman ang laki, kinuwadrado
- 3 kamatis, hiniwa-hiwa
- 1 basong grabansos
- paminta at toyo, panimpla
- 1 kahitang pasas
- 2 kutsarang Purico
- 1 sibuyas, hiniwa
- 2 butil na bawang
- 3 siling malaki (pula)
- 1 siling malaki (berde)

Balatan ang labahita at linising mainam. Hiwain nang pakuwadrado o pabilog. Igulong sa arina. Magtunaw ng Purico sa kawale at iprito ang mga ito hanggang malasado. Hiwain ito sa lalong maliliit na piraso at itabi muna. Igisa ang bawang at sibuyas sa Purico. Ihulog ang patatas at grabansos. Kung malambot na ang mga sangkap, ibuhos ang "tomato sauce." Haluin hanggang pumula. Timplahan ng toyo at budburan ng dinikdik na paminta. Ilang sandali pa'y ilagay ang sili. Bago hanguin ay ilagay ang pasas.

Panahon ng paghahanda: 30 minuto
Tinatayang halaga: ₱1.40
Maidudulot sa: 6

**Galing kay Ninita Punsalan**
430 Leonor Privado
J. Luna, Tondo, Manila

P-11-185

# *"Sasabihin niyang 'itoy isang tipanan!"*

**Sapagkat . . . ang inyong kutis ay higit na magiging malambot at makinis sa inyong unang pastilya ng Camay**



**"Ako'y mayroong palagiang pakikipagtipan sa kagandahan . . . salamat sa aking Kutis-Camay! ani Carmencita Abad!**

*Sa Inyong Unang Pastilya Ng Camay* — matutuklasan ninyo na ang kagandahan ay kasama ng higit na kaibig-ibg na kutis Camay... at susunod na rito ang romansa. Gumamit ngayon ng kapanapanabik sa bangong Camay. Kayo'y magiging kaakit-akit sa pag-ibig.



***Camay pa rin sa inyong paliligo!*** **— Tanging pinabanguhan, ang Camay ay pananatilihin kayong maganda at kaibig-ibig. Malaon na kayong nakapaligo, ang kahanga-hangang halimuyak ay namamalagi pa rin ...Mahinhing halimuyak na nakaaakit sa kalalakihan.**





**ANG SABON NG KAGANDAHAN**

Kasuutan — Hay .    Abad ng Sampaguita Pictures na mapapanood sa "Tres Muskiteros".

## Larawan Ng Kasiyahan . . . (Karugtong)



Sa unang kuwadro sa itaas ay makikita si Connie Lopez, isang nars ng Krus Roha, samantalang namamahagi ng mga tinapay sa lumisang mag-aanak; sa ibaba ay ang ilan sa mga mag-aanak na ito na pawang kababakasan ng malabis na kasiyahan.








Isang trak ng mga kahon ng gamot na isinasalin sa bapor upang magamit ng mga magsasaka sa sandali ng kanilang pangangailangan.



Mga nakaunipormeng nars ng Krus na Pula, na may kalakip na mga dalanging nagmamasid sa "FS 185" nang ang sasakyang-dagat ay malapit nang tumulak.



Ang Banda ng Konstabularya, nang mga sandaling tinutugtog ang "Aloha" habang unti-unti nang lumalakad ang bapor na maghahatid sa pulutong sa "Lupain ng Kasaganaan."

# TAGUMPAY?

## Kuwento ni ROLANDO FADUL OCAMPO

**NAGANAP ANG HULING PANGUNGUSAP NA BINITIWAN NG KANYANG AMA... NGUNI'T SIYA AY SUMUNOD AT "NAGLAKBAY" DING PATUNGO SA "BAYAN NG LUWALHATI"**

ANG TAHANAN nina Carding ay nasa gitna ng isang sukat ng lupang naliligiran ng mga punungkahoy. Ang dakong libis ay palayan. Sa may gawing hulo ay palaisdaan (dagat-dagatan) at sa kinakaliwa ay ilog na bumabagtas na patungong kanluran Ang ilog na ito'y mabiyaya. Doon nakasalalay ang tatlong ikapat ng bituka ng mga tao sa nayong Pulang-Lupa. Sa umaga ay may alimango, sa gabi'y may hipon; bukod pa sa iba't ibang uri ng isdang gaya ng talilong, bakuling, biya, kitang at palos.

Sa may dakong liko ng paturong Silangan ay may tinatawag ang mga taga-roon na gubat-gubatan. Ang pook na iyo'y halos nababakod ng mga punungkahoy. Doon malimit si Carding — doon siya laging makikita sapagka't doon siya nangangahoy. Sa tuwing tutungo siya roon ay naririnig niya ang huni ng mga kuliglig, ang awitan ng mga ibon... at namamalas niya ang nagkunday-kunday na mga dahon ng kahoy sa malalabay na sanga. Sa kasiyahang nadarama niya'y nakatutula siya — isang tulang lipos ng lambing, isang tulang larawan ng buhay at pakikipagsapalaran, — isang tulang katha ng kanyang ama — ni Mang Ambo.

At ngayon, nasa gubat-gubatan na naman si Carding. Hindi maikakaila ang kanyang tinig. Ang kanyang aso'y sumisibat ng takbong nangunguna sa landas. Papauwi na sila, nakatirik na ang Araw.

Sa salikop ng magkasangang landas ay buong natambad ang katauhan ni Carding. Pasanpasan ang napangahoy. Pakunday-kunday ang itak na nakasukbit sa kanyang baywang. Ganggabutil ng mais ag pawis sa noo. Tagpi-tagpi ang damit, nakaputot na pantalon at nakasuot ng samballlong patig. May kumpas ang kanyang paglakad na ang bawa't nota'y inihahayag ng marahang bagsak ng mga paa. Oh! ang mabuhay nga naman ay kasingsarap ng mamatay sa lupang dinilig ng pawis at luha.

Nang matanaw ni Carding ang nakagiray nilang tahanan ay biglang sumilid sa kanyang diwa ang gunita ng labinlimang taong lumipas.

—Isang malakas-lakas na hangin, at... —sinlakas ng pintig ng kanyang pusong ibinulong sa sarili. Napailing siya.

Lumapit siya sa talaksan ng mga kahoy, ibinaba ang pasan bago pinawalan ang isang buntunghininga. Isang pangkaraniwang hudyat ang iniukol niya kay Kidlat, ang kanyang aso. At ito'y buong pagkaunawang tumakbo nang mabilis na anaki'y kidlat ngang gumuhit sa kalawakan. Nanguna ang asong umakyat sa bahay sumunod siya.

—Ina, ano po ang lagay ni ama? —Banayad ang kanyang pagtatanong.

—Aywan ko ba, —may kalumbayang sagot, —ayaw pang kumain mula kangina.

—Marahil po'y may dinaramdam. —At inimpit ang kalungkutan sa pagitan ng mga bagang upang maikubli ang pagpupuyos ng damdamin.

—Siyanga pala, Carding, ibig ka raw makausap ng iyong ama. —Anyo na sanang tatalikod ang ina nang maalaalang susugan ang sinabi. —Sulong na, anak, at nang makakain ka na pagkatapos.

Marahan ang ginawa niyang paglakad upang huwag lumikha ng ingay ang kanyang mga yabag sa sahig na kawayan. Patiyad siyang lumapit. Sinipat ang mukha ng amang may gatla na ng maraming taong lumipas. Nakita niyang nakapikit ang mga mata nito. Hinagod ng kanyang paningin ang buong kaanyuan ng maysakit. Napakagat-labi siya. Talaga sanang lilisan na siya upang huwag gambalain ito sa pamamahinga, nguni't naramdaman niyang kumilos ang kanyang ama. Unti-unting idinilat ang mga mata at huminga nang malalim.

—Anak ko, —tawag ni Mang Ambo sa isang tinig na mahina nguni't punungpuno ng pagmamahal. —Maupo ka... —at hinintay munang makaikmo si Carding bago nagpatuloy. — Hindi ko iniaalis sa iyong sumunod ka sa aking mga bakas. Hindi ko sinasabing aba ang magmakata. Ibig kong mabuhayan ka ng loob sa iyong hilig, sapagka't maging ang punungkahoy ay nabubuwal sa kanyang kinahihiligan, —ang paliwanag ng kanyang ama.

Bahagyang napayuko si Carding. —Bata pa po ako. Musmos pa ang aking isip. Hindi pa po ako nakatatalos ng kahiwagaan ng buhay. Kaya kayong mga magulang ko'y aking sinasangguni. Ibig kong pagpayuhan ninyo ako, ibig kong ituro ninyo sa akin ang landas na dapat kong tahakin! — Gumagaralgal ang tinig ng binata at larawan ng kalungkutan ang kanyang mukha.

—Anak, ang mga makata ay nabubuhay sa daigdig ng mga malindayog na guniguni nguni't nalalambungan ng walang katulad na pagsasakit. —Tumikhim si Mang Ambo saka muling nagsalita. — Ako'y hindi pa man lang nakararating sa kalahatian ng daigdig na iyon nang bumagsak sa akin ang langit. Sadyang ako ay bigo, nguni't kabiguang nagturo sa akin upang magtiis. Anak ko, kung ibig mong marating ang langit, kung ibig mong mamahay sa alapaap, huwag kang masiyahang tuaan na lang ang mga bituin... magpatulo ka ng pawis sa tulong ng iyong lipaking kamay... —at pagkawika nito'y marahan nang ibinaling ang ulo, unti-unting ipinikit ang mga mata.

Tumayo si Carding. Nag-iisip na umalis at bago tuluyang lumabas ng pinto ay tinapunan muna ng sulyap ang amang nakaratay.

Ganap nang ika-dalawa noon ng hapon.

HANDANG-HANDA na si Carding upang dumalo sa palatuntunan nila sa paaralan. Nakatakda siyang bibigkas ng isang

(Buklatin sa pahina 17)

### *Ang Dalaga Sa Nayon Ko*

**Katulad ng sampagita sa luntiang isang hardin,**
**Ang dalaga sa nayon ko ay may bangong inaangkin;**
**Tila agos ng batisan ang kilos na anong hinhin**
**At ang kanyang iwing dikit ay hiniram sa bituin.**

**Kung sa sipag mag-uusap ay masipag na diwata**
**Ang dalaga sa nayon kong pinagpala ni Bathala,**
**Makikitang nag-aani, nagtatanim sa tumana,**
**Naglalaba sa batisa't nagluluto sa kusina.**

**Dangal niya ang gumawa sa dibdib ng kabukiran**
**At di siya nandidiring ang binti ay maputikan,**
**Ganap siyang tumutupad sa utos ng kalangitan:**
**Sa pawis mo panggalingin ang iyong ikabubuhay!**

**Sa pag-ibig, ang dalaga sa nayon ko'y pambihira**
**Pagka't tapat sa suyua't sa minahal na binata;**
**Ayaw siya sa pag-ibig na dinaan sa gahasa,**
**Ang nais ay ang mahalang sinumpaan sa dambana...!**

**PRIMITIVO R. SABATER**

**Molino, Bakoor, Kabite**

# NANG MAGDAAN ANG DALUYONG



## MGA ULAT AT KURUKURO UKOL SA DIGMAAN SA PILIPINAS

*Sinulat ni Faustino Aguilar*

(KARUGTONG)

TUNT. 5. Di mahihirang na kagawad ng Kataas-taasang Hukuman ang di mamamayan sa Pilipinas, may gulang na di kukulangin sa apatnapung taon at naging hukom sa mabababang hukuman o kaya'y nagmananangol sa Pilipinas nang mga sampung taon man lamang.

TUNT. 6. Ang Kapulungang Pambansa ay siyang magtatadhana ng mga katangiang ikapagiging-dapat sa pagka-Hukom sa mga mabababang hukuman, nguni't di mahihirang na hukom sa alin man sa nangasabing hukuman ang sino mang di-mamamayan sa Pilipinas at di pa natatanggap sa pagganap ng pagka-manananggol sa Pilipinas

TUNT. 7. Ang mga kagawad ng Kataas-taasang Hukuman at ang mga hukom sa mabababang hukuman ay mananatili sa kanilang tungkulin habang sila'y nanunuparan nang tumpak, o hanggang sa sila'y mawalan na ng kaya sa pagtupad ng mga tungkuling hawak, na di maaaring bawasan ng sahod sa loob ng kanilang pananatili sa tungkulin, maliban na lamang kung magkaroon ng isang panibagong pag-uri sa mga sahuran ng lahat ng pinuno at kawani ng pamahalaan.

TUNT. 8. Ang mga kapasiyahan ng Kaatas-taasang Hukuman sa ano mang usaping nadudulog sa kaniyang paghatol ay dapat manggaling sa pagsasanggunian muna bago itiwala sa isang Mataas na Hukom ang pagsulat ng kahatulan ng Hukuman. Sino mang Mataas na Hukom na di sang-ayon sa naging kahatulan ay magpapahayag ng mga katwiran ng di niya pagsang-ayon.

TUNT. 9. Hindi maipasisiyang labag sa Saligang-Batas ang ano mang batas, kautusáng tagapagpaganap, kautusang-bayan, o alituntunin, kung di sinasang-ayunan ng lahat ng kagawad ng Kataas-taasang Hukuman.

TUNT. 10. Hindi mailalagda ng isang mataas na hukuman ang ano mang hatol nang di buong liwanag at katiyakang nasasaysay ang mga pangyayari at ang batas na pinagbabatayan.

TUNT. 11. Ang Kataas-taasang Hukuman ay may kapangyarihang maglagda ng mga alituntuning ukol sa mga paglalahad ng matuwid, pamalakad at mga pamamaraan sa lahat ng hukuman, a't gayon din sa pagtanggap ng mga magmananananggol. Ang nasabing mga alituntunin ay dapat maging magkakatulad sa lahat ng hukumang magkakauri at di maaaring magbawas, magdagdag o bumago sa mga katutubong karapatan. Lahat ng umiiral na batas hinggil sa paglalahad ng matwid, pamalakad at mga pamamaraan ay maaaring mabago o mapalitan ng Kataas-taasang Hukuman.

PANGKAT V. PAG-USIG SA MATATAAS NA PUNO (IMPEACHMENT)

TUNTUNING 1. Ang Pangulo ng Republika at ang mga Hukom ng Kataas-taasang Hukuman ay maaalis sa tungkulin, sa bisa ng "impeachment," matapos mapatunayang nagkasala ng paglabag sa Saligang-Batas, o ng pagtataksil, pagpapasuhol, o iba pang mabibigat na pagkakasala.

TUNT. 2 Sa bisa ng pasiya ng dalawang-katlong bahagi ng mga kagawad ng Kapulungang Pambansa, ang Kapulungang ito'y siyang tanging may kapangyarihan ng "impeachment" o pag-uusig sa pagpapabitiw.

TUNT. 3. Ang Kataas-taasang Hukuman ay siyang tanging may kapangyarihang lumitis sa lahat ng pag-uusig sa pagpapabitiw sa tungkulin (impeachment). Walang kikilaning nagkasala kung di sasang-ayunan ang hatol ng tatlong-kapat na bahagi ng lahat ng Hukom ng Kataas-taasang Hukuman.

TUNT. 4. Ang kahatulan sa mga sakdal ukol sa "impeachment" ay di-lalampas sa pagtitiwalag sa tungkol at pag-aalis ng karapatang makapaghawak ng tungkuling marangal, o ng pagtitiwala, o kapakinabangan sa ilalim ng Pamahalaan ng Republika ng Pilipinas, nguni't ang naparusahan ay maaari rin namang mausig, malitis at maparusahan nang ayon sa batas.

PANGKAT VI. PAGKA-MAMAMAYAN

TUNTUNING 1. Ang mga sumusunod ay siyang mga mamamayan sa Pilipinas:

(1) Yaong mga mamamayan sa Pilipinas sa araw ng pagpapatibay sa Saligang-Batas na ito at ang kanilang mga iaanak.

(2) Yaong mga nagmamamamayang pilipino sang-ayon sa batas.

TUNT. 2. Ang pagka-mamamayang pilipino ay maaaring mawala o muling matamo sa paraang itinatadhana ng batas.

PANGKAT VII. TUNGKULIN AT KARAPATAN NG MAMAMAYAN

TUNTUNING 1. Tungkulin ng bawa't mamamayan ang maghandog ng sariling paglilingkod sa hukbo o sa pamahalaan ayon sa maitatadhana ng batas, ang magbayad ng mga buwis at kautangang pambayan, at ang magkaroon ng isang mapakikinabangang gawain, hanapbuhay o katungkulan.

TUNT. 2. Sino mang tao'y di maaalisan ng buhay, kalayaan o pag-aari nang di sa pamamagitan ng mga paraang

nababatas, at wala ring sino mang taong pagkakaitan ng pantay-pantay na tangkilik ng mga batas.

TUNT. 3. Di makapagialagda ng batas na magtatangi sa pagkakatatag ng isang relihiyon o nagbabawal kaya ng malayang pananampalataya at di-kakailanganing suriin pa ang pananampalataya ng isang tao bago siya makagamit ng mga karapatan sa pagka-mamamayan.

TUNT. 4. Di makapaglalagda ng batas na makasisira sa bisa ng mga kasunduan.

TUNT. 5. Di makapaglalagda ng batas na ang bisa'y sasaklaw sa nakaraang panahon.

TUNT. 6. Di maipabibilanggo ang isang tao sa pagkakautang.

TUNT. 7.. Di matutulutan ang isang sapilitang paglilingkod sa ano mang uri't paraan, maliban na lamang kung bilang isang parusa sa pagkakasala na ang naparusaha'y nagdaan sa ukol na paglilitis.

TUNT. 8. Ang tanging karapatan sa paghingi ng habeas corpus ay di-mapipigil, maliban na lamang kung may paglusob, paghihimagsik, pagsusuwail, o kung ang pagpigil ay siyang hinihingi ng katahimikan ng bayan.

TUNT. 9. Ang pag-aaring sarili ay di makukuha para sa kagamitang-bayan nang walang karampatan bayad.

TUNT. 10. Ang malayang pagdulog sa mga hukumang pampangasiwaan ay di-maikakait sa sino mang tao dahil sa kaniyang karukhaan.

TUNT. 11. Alinsunod sa mga katakdaang ilalagda ng batas sa kapakanan ng kapayapaan, dakilang ugali, kalusugan, kaligtasan at kapanatagan ng bayan:

(1) Ang karapatan sa pamamanatag laban sa walang matwid na paghahalughog at pananamsam ay di lalabagin.

(2) Ang kalihiman ng pagpapahatiran at pagsusulatan ay di pakikialaman.

(3) Ang karapatan sa pagbuo ng mga samahan at kapisanan sa mga layuning di laban sa batas ay di liligaligin.

(4) Ang malayang pagganap sa mga tungkulin sa pananampalataya at pagdalangin, nang walang pagtatangi-tangi at pagkiling, ay di hahadlangan.

(5) Ang kalayaan sa paninirahan at ang pagbabago ng tahanan sa loob ng mga hangganang itinatakda ng batas ay di gagambalain.

(6) Ang kalayaan sa pagsasalita at ng pahayagan, o ang karapatan ng bayan sa mapayapang pagtitipon at sa paghingi sa pamahalaan ng lunas sa mga hinakdal at kaapihan, ay di sasansalain.

PANGKAT VIII. PANGANGALAGA AT PAKIKINABANG SA MGA LIKAS NA KAYAMANAN

TUNTUNING 1. Lahat ng lupaing-bayang mapagtatamnan, kahuyan at minahan, ang mga tubig, mga mina, batonguling, petrolyo, at iba pang bukal na gaas o langis, lahat ng mga bukalan ng likas na pampakilos, at alin pa mang ibang mga likas na batis ng kayamanan ng Pilipinas, ay pag-aari ng Bansa, at ano mang pagtatalaga, paggamit, pagpapaunlad o pakikinabang ay magagawa lamang ng mga mamamayang pilipino, o ng mga samahan o kapisanang ang animnapu man lamang sa sandaan ng puhunan ay ari ng nasabing mga mamamayan, na di makapipinsala sa alin mang taglay na karapatan, o alin mang pagkakapagkaloob, pangungupahan o kapahintulutang umiiral na nang mga araw na magsimula ang pamahalaang itinatatag ng Saligang-Batas na ito. Ang mga likas na kayamanan, maliban ang mga lupang-bayang sakahin, ay di maibibigay sa alin mang tao, at hindi magpapahintulot, magkakaloob, at magpapaupa upang mapakinabagan, mapaunlad o magamit ang alin man sa nangasabing likas na kayamanan, sa isang taning na lalampas sa dalawampu't limang taon na mapalalawig ng isa pang dalawampu't limang taon, maliban lamang kung nauukol sa karapatan sa mga tubig na gamit sa pagpapatubig sa bukid, palmbakang-tubig, palaisdaan o sa ano mang industriya o hanapbuhay na iba kaysa pagpapaunlad ng lakas na pampakilos, na ang pakikinabang sa paggamit ay siyang pagpapatakaran ng mga takda sa pagkakaloob.

TUNT. 2. Walang samahan o kapisanang maaaring magangkin, umupa o humawak ng ano mang lupang-bayang sakahin na ang laki ay lalampas sa sanlibo dalawampu't apat na ektarea at sino mang tao ay di makapag-aangkin nang lalampas sa sangdaan at apatnapu't apat na ektarea, ni makauupa nang lalampas sa sanlibo dalawampu't apat na ektarea, ni makakukuha ng homisted na hihigit sa dalawampu't apat na ektarea. Ang mga lupang-bayang magagamit na paligawan ng hayop na di lalampas sa dalawang libong ektarea, ay mapauupahan sa isang tao, samahan o kapisanan.

TUNT. 3. Ang Kapulungang Pambansa sa pamamagitan ng batas, ay maaaring magtakda ng laki ng mga lupang sarili na maaangkin at mahahawakan ng mga tao, samahan o kapisanan, nang di makapipinsala sa mga karapatang hawak na nila bago ilagda ang gayong batas.

TUNT. 4. Ang Kapulungang Pambansa ay makapagpapahintulot, sa pamamagitan ng pagbabayad ng karampatang halaga, ng sapilitang pagkuha ng mga lupang mapaghahati-hati sa maliliit na bahagi at maipagbibili sa mga tao sa halaga ng pagkakabili.

TUNT. 5. Alin mang lupang sakahing ari ng kahi't sinong tao ay di maililipat o maipagkakaloob liban na lamang sa mga tao, samahan o kapisanang may sadyang karapatang makapag-angkin o humawak ng mga lupang-bayan sa Pilipinas, o sa mga taong, sa bisa ng batas, ay may karapatang magmana sa mga pag-aaring naiwan ng namatay nang walang hulimbilin.

PANGKAT IX. — MGA TADHANANG PANGKALAHATAN

TUNTUNING 1. Ang watawat ng Pilipinas ay kulay pula, puti at bughaw, may isang araw at tatlong bituin, na siyang dinakila at iginalang ng sambayanang Pilipino.

TUNT. 2. Ang Pamahalaan ay gagawa ng mga hakbanging tungo sa ikauunlad at ikalalaganap ng Tagalog na siyang wikang pambansa.

TUNT. 3. Magkakaroon ng isang Tanggapan ng Pangkalahatang Pagsusuring-tuos (General Auditing Office), upang sumiyasat, sumuring-tuos at magsaayos ng lahat ng katuusang ukol sa mga pabuwis, singilin, paggugol ng mga salapi at ariarian ng Pamahalaan, ng kaniyang mga pangkat at sangay, gayon din naman ng sa mga tao at kapisanang tutukuyin ng batas.

TUNT. 4. Isang Kawanihan ng Paglilingkod sa Pamahalaan (Civil Service Office) na sasaklaw sa lahat ng pangkat at sangay ng Pamahalaan ang itatadhana ng batas. Ang paghirang sa mga maglilingkod sa pamamagitan ng Kawanihang ito, maliban lamang sa mga maghahawak ng tungkuling may karapatang makapagpairal ng sariling pamamalakad. o sa mga tanging kadalubhasaan, ay laging masasalig lamang sa mga karapatan at kakayahan, at hangga't maaari'y gagawin ang pagpili sa pamamagitan ng pagsusulit at paligsahangkaya.

TUNT. 5. Lahat ng mga pinunong maglilingkod sa pamahalaan at sa hukbo ay gagawa ng isang panunumpa na ipagmamalasakit nila at ipagtatanggol ang Saligang-Batas.

TUNT. 6. Ang sino mang pinuno o kawani sa Pamahalaan ay di makatatanggap ng dagdag o dalawang pasahod, maliban na lamang kung sadyang ipinahihintulot ng batas.

TUNT. 7. Ang mga pinuno o kawani ay di makapanunungkulan ng ano mang ibang hanapbuhay o propesyon, habang sila'y naglilingkod sa Pamahalaan, ni hindi rin maaaring sa tuwiran o hindi man ay makapakialam sa pangangasiwa o pamamanihala ng ano mang sariling hanapbuhay na sa paano ma'y sukat makapinsala sa lakad ng kanilang tungkuling pampamahalaan; ni hindi rin naman sila makapanghihimasok sa pamumuhunan ng aling mang pakikipagkasunduan sa Pamahalaan, o sa alin mang pangkat o sangay nito.

TUNT. 8. Ang pagpapaunlad ng katarungang panlipunan upang matiyak ang ikapapanatag at ikaginhawa ng kapamuhayan ng buong bayan, ay haharapin ng Pamahalaan.

TUNT. 9. Pasisiglahin ng Pamahalaan ang mga panlilikha at pananaliksik na hinihingi ng kaaghaman. Sasailalim ng kaniyang pagtangkilik ang mga sining at panitikan. Ang mga tanging karapatan sa mga akda at likha ng mga may-akda at maylikha ay paninindigan ng Pamahalaan sa loob ng isang panahon.

(Buklatin sa pah. 14)

# BANTAYOG

**ni Josefina E. Antonio**



**KATULAD NG MGA NATATANGING KINAPAL, ANG MGA MANUNULAT AY MAY NAITATAYO RING BANTAYOG NA HINDI MAIGIGIBA NG PANAHON. . .**

MATALIM ang tinging inihagis ni Orang kay Luis nang siya'y dumaan sa tabi ng mesang sulatan nito. Nagdudumiin ang yapak ng kanyang paa sa sahig. Mandi'y nais niyang sa pamamagitan niyon ay maipadama niya kay Luis ang damdaming naghuhumiyaw sa kanyang dibdib.

Ang mga mata ni Luis ay walang kabawi-bawi sa papel na nakasubo sa makinilya. Namalayan niya ang pagdaraan ni Orang sa kanyang tabi, ngunit ang mariing bagsak ng paa nito sa sahig ay hindi man gumitaw sa kanyang pandinig. Ang totoo'y wala sa kalupaan si Luis nang mga sandaling iyon. Hiwalay ang kanyang kaisipan at pandamdam sa mga bagay na nasa kanyang paligid, sapagka't nilalakbay niya ang malawak na papawirin, nakikipagbungguan siya sa alapaap, nakikipagtalik siya sa kagandahan ng isang daigdig na ibang-iba kaysa ginagalawan ng mga tao.

Sa munting puwang ng pinto ng silid na pinasukan ni Orang ay sinisilip niya si Luis. Mabilis ngayon ang galaw ng mga daliri nito sa teklado ng makinilya, di katulad kaninang natitigilan. Batid ni Orang na naging magaan ang daloy ng pangungusap sa diwa ni Luis kaya gayon katulin ang pagtipa nito sa makinilya. Yao'y lalong ipinagngitngit ni Orang. Ang ibig niya'y maging maramot ang inspirasyon kay Luis, matuyan ng paksa ang diwa nito upang huwag nang makasulat. Ayaw niyang maging isang manunulat ang kanyang asawa. Alam niyang ang pagyakap sa alin mang sining ay nangangailangan ng pagtitiis ng maraming kahirapan.

May tatlong buwan nang napinid ang tanggapang dating pinaglilingkuran ni Luis. Kung iibigin lamang niya'y madali siyang makakikita ng panibagong gawain. Datapuwat sa malas ay wala nang hangarin si Luis na magkaroon ng isang matatag na hanapbuhay. Ang nais niya ay magsulat na lamang, sundin ang katutubong hilig ng kanyang katawan.

—Hindi ako masiyahan sa buhay, —ang malimit niyang maidaing sa kanyang kaibigan noong siya'y namamasukan pa. —Sadyang ganito ang maaaring madama ng sinumang nasa kalagayan ko na gumagawa lamang upang mabuhay, upang matugunan ang pangangailangan ng katawang laman na nawawasak at natatapos! Ang ibig kong busugi'y ang aking diwa, ang aking kaluluwa! Iya'y magagawa ko kung ako'y makapagsusulat nang malaya at walang mga alalahanin sa buhay!

TUMUTUGTOG na ang ikawalo ng gabi sa malaking orasang nakasabit sa dingding sa kabahayan nang tumindig si Luis sa kanyang pagsusulat.

—Orang, —magiliw niyang tawag sa kabiyak. —Ako'y nagugutom na. Hindi pa ba tayo kakain?

—Aba, at ako ang tinanong. Sa oras bang ito'y alin kayang bituka ang hindi kakalam? —may pagkamuhi ang tinig ni Orang. —Ang akala ko'y magsusulat ka na lamang sa buong magdamag at di na kakain, kaya ako'y hindi kumikibo.

Ngumiti si Luis.

—Mukhang nagagalit ka sa akin dahil sa aking pagsusulat. Huwag ka sanang ganyan, Orang. Kailangang unawain mo ako. Mahalaga sa ating dalawa ang tayo'y magkaunawaan, —mahinahong-mahinahon ang tinig ni Luis.

—Kung maaari tayong mabuhay sa iyong pagsusulat ay hindi kita sasalansangin. Ngunit higit sa aki'y nalalaman mo namang iyan ay hindi natin maaasahan.

—Nguni't Orang, kulang-kulang lamang isang libong piso ang natanggap kong retirement pay sa aking upisina. Ano't nasisira na ang loob mo? Sa pagsusulat nama'y kumikita rin ako kahit kaunti. At ako ba nama'y napaka-patay na loob, na kung magugutom ang pamilya'y hindi pa kikilos ng husto?

Sumungaw ang mga luha sa mata ni Orang at yao'y di nalingid sa pangmasid ni Luis.

—Kung minsa'y sinisisi ko ang aking sarili kung bakit ako'y nagkaroon ng ganitong hilig. —may pagdaramdam ang mga katagang nagpumiglas sa labi ni Luis. —Di sana'y payapa ang ating pamumuhay ngayon at di kita nadudulutan ng sama ng loob! Hindi mo lamang ako nauunawaan, Orang. Tanungin mo ang isang pintor, ang isang mangangatha ng tugtugin, ang sinumang alagad ng sining at tiyak na sasabihin sa iyong higit nilang iibigin ang sila'y magdalita na natutugunan ang kanilang hilig, kaysa maging mariwasa na walang kalayaan ang sarili. Isipin mo na lamang. Bakit may mga taong iniiwan ang kaginhawahan ng buhay at hinaharap ang pagpapakasakit? Sapagka't diyan sila nagtatamo ng kasiyahan, diyan lumuluwalhati!

Hindi umiimik si Orang. Nakababa ang kanyang mga paningin. Hindi niya maitunghay ang mga iyon sa mukha ni Luis.

—Ang sining ay isang paglalantad sa kagandahan ng buhay — isang kagandahang lalong tumitingkad at napagigitaw ng isang mangangatha sa gitna ng kanyang mga tiisi't pagdurusa, — patuloy ni Luis. —Isa rin iyang napakarikit na tugtuging inaawit ng kaluluwa na kailangan lamang buksan mo ang iyong puso, ang iyong pangunawa upang ganap mong malasap ang kasiyahang ipinadadama!

Lumakad si Luis na patungo sa kanyang aklatan at sa pagbabalik sa harap ni Orang ay taglay ang katipunan ng kanyang mga kuwentong nalathala na sa iba't ibang lingguhan na kamakailan lamang niya ipina-aklat.

—Sa pangkaraniwang pangmasid ay walang halaga ang aklat na ito, —ang kanyang wika. —Nguni't sa aki'y mahalagang-mahalaga ito, kasing-halaga ng aking buhay! Sapagka't dito nalalagak ang yaman ng aking kaisipan, ang pintig ng aking damdamin. Ang BANTAYOG daw ng isang manunulat ay ang kanyang mga nagawa. Kung ito'y totoo, mahalin mo ang aklat na ito. Ingatan mo nang higit pa sa isang mahalagang hiyas sapagka't ito ang tanging yamang maiiwan ko sa iyo at sa ating mga supling.

—Luis, bakit ka naghahabilin ng ganyan? —napabulalas ng iyak si Orang.

—Sapagka't ako'y aalis na. Ayaw kong madulutan kita ng bagabag. Sa aking paglayo'y sisikapin kong makasunod sa iyong kagustuhan. Susugpuin ko, Orang, ang aking hilig sa pagsusulat alang-alang sa ikapapayapa ng tahanang ito! Kung ito'y magawa ko na'y saka ako magbabalik!

—Luis, nauunawaan na kita, —may pagsisisi ang tinig ni Orang at pagkuwa'y napayapos siya kay Luis, saka isinubsob ang luhaang mukha sa dibdib nito.

—Bitiwan mo ako, hindi ako tatakas. — nanunudyong wika ni Luis na lalo pang hinigpitan ang pagkakapulupot ng kanyang mga bisig sa baywang ng asawa. (X)

**MINSAN PANG PINATUTUNAYAN NG KUWENTONG ITO NA ANG BATAS AY DI LAGI NANG MAPAGLALALANGAN, KATULAD NG NANGYARI KAY DAVID NA HINDI NAKAIWAS SA KAMAY NG MGA MAYKAPANYARIHAN**

# PAGKABIGO



*Kuwento ni* **MARTIN MA. VALERIO**

MATAGAL nang ang hanap-buhay ni David sa pantalan sa **South Harbor** ay magtinda ng mga "souvenir" sa mga tripulante at pasaherong lulan ng mga sasakyang-dagat na nagsisidaong doon. Bagama't sa malas ay mababang uri lamang ang hanap-buhay na ito ni David pagka't sa buong maghapon ay paista-istambal lamang siya, bitbit ang bayong at alok nang alok sa mga nagsisibabang pasaharo, ay sa ganitong paraan lamang masasabing nagkamal siya ng malaking halagang di niya naranasang mahawakan man lamang noong una.

Sa loob ng mahaba din namang panahong pamamalagi ni David sa pantalan ay nahirati na siya, nang lumaon, sa takbo ng mga bagay-bagay doon lalo pa't may kinalaman sa mga **lihim na pagbibilihan** o "deal" na sinusugpo ang pagiral. Kaya nga't kung noong una'y takot siyang makilahok sa anumang **bawal na bilihang** iyon, nitong huli'y naging malakas na ang kanyang loob. Bawal man sa pantalan ang magpanaog ang sinuman ng kahi't isang kartong sigarilyo, si David nama'y patuloy ring lihim na nagpapalusot ng mga iyon pagka't hindi naman niya ninanakaw kundi siyang ibinabayad sa kanya. Anupa't naging mapakipagsapalaran siya at malakas ang loob sa gawang salisihan... Iyan din naman ang dahilan kung bakit binansagan siyang "maton" ng kanyang mga ka-pangkat.

Sa mata naman ng mga "harbor police" na nakababalita ng mga kalikutan ni David ay naging isa siyang "pinagmamanmanang tao" sa pantalan. Hindi nga lamang siya madakip pagka't wala silang sapat na katibayang mapanghahawakan laban dito. Kaya naging isang malalim na palaisipan sa kanila kung papanong lihim na napalulusot ni David ang mga sigarilyong nababalitaan nilang ipinagbibili sa labas.

Nguni't nang umiral ang "import control", kung baga sa malakas na bagyong dumaan, ang hanap-buhay ni David ay isa sa mga nasagasaan. Dumalang ang pagpasok ng mga bapor sa pantalan, kaya't bagaman di niya nais ay napilitan siyang tumigil muna sa kanyang hanap-buhay.

Ang marami rin namang salaping natipon ni David ay nagugol na niyang lahat.

Ngayo'y madalas siyang makitang nanghahaba ang balbas at paista-istambay sa mga tindahan ng alak sa Port Area.

Nguni't isang umagang bumili siya ng pahayagan, nabasa niyang darating ang isang sasakyang-dagat na malaon na niyang hinihintay: ang "Flying Independent". Sa "Flying Independent" ay may naging suki siyang opisyal na amerikano, at nangako sa kanyang dadalhan siya ng isang daang kartong sigarilyong "Chesterfield." Ang mga sigarilyong ito ay babayaran niya sa mababang halaga lamang, ngunit sa kasunduang siya na ang bahalang gumawa ng paraan sa pagpapalusot noon. At palibhasa nga'y bihasa siya sa gayong uri ng pagbibilihan, kaya't di niya tinanggihan ang alok ng amerikano.

Nang ibaba ni David ang pahayagan ay nanlilit ang mga matang inuusal-usal niya ang ganito: "Kailangan ko ang salapi ngayon...! Kaya't dapat kong mailusot ito...! Dapat!"

Ilang araw na binabalangkas sa isip ni David kung ano ang paraang isasagawa niya upang malinlang ang mga may-kapangyarihan sa paglalabas ng mga sigarilyong ipagbibili sa kanya nang lihim. Talos niyang laganap ang mga tiktik na tanod sa dadaong na barkong ito, kaya nararapat na maging malinis ang kanyang mga hakbang.

Sa wakas, naisip din ni David ang pinakamabuting paraan: pagkagat ng dilim, kapag madalang na ang mga nagbabantay na tanod sa pantalan ay saka siya aakyat sa bapor. Matapos na mabalot niya at matalian ang mg karton ng sigarilyo, ay ihahagis niya ito mula sa popa ng bapor. Sasaluhin naman ng isang kasapakat na nag-aabang sa ibaba at tuloy ilululan sa loob ng kotse na nakahimpil naman sa isang madilim na pook sa mga sandaling iyon. At sapagka't talos niyang alinmang auto ay hindi sinisiyasat ang lulan kung lumalabas sa pintuan, kaya't walang pagsalang mapaglalalangan niya ang bantay. Sa gayon ay minsan pa niyang maipupuslit ang mga sagarilyong iyon...

Iyan ang magandang kaparaanang yaring-yari na sa isipan ni David. Isang naliba niyang operasyong maisasagawa nila sa isang kisap-mata lamang.

Kaya, nang ibaba na ang andamyo ng "Flying Independent" nang gabing iyon, isang magarang auto ang nakahimpil sa isang tabi ng pantalan. Lulan nito ang lalaking kasapakat ni David — si Selo.

—Huwag ka munang maglalapit sa tabi ng bapor, Selo, nang walang maghinala sa iyo nang masama, —ang paalaala pa ni David. —Basta't oras na makita mo akong sumungaw sa kubyerta, saka ka humanda at asahan mong ako ma'y nakahanda na rin...

—Areglado, tsip! Bahala ako rito!

Makailang sandali pa'y nasa cavin na ng amerikano si David.

—Mailalabas mo kaya ang mga sigarilyong ito, David, nang hindi ka mahuhuli? —may pagaalaalang tanong ng opisyal sa wikang Ingles.

—Oh, huwag kang mag-alaala sa akin, mate, —sagot naman ni David sa wikang Ingles din na ang nasa'y mahikayat niyang magtiwala sa kanya ang kausap. —Hindi ba't minsan nang napagbilhan ninyo ako'y wala namang dumakip sa inyo at sa akin...

—Mabuti! —natutuwang wika ng opisyal — Kung gayo'y akina ang bayad at balutin mong madali!

Nanginginig ang mga kamay na "binilangan" ni David ang Amerikano. Pagdaka'y hinugot nitong huli sa ilalim ng kanyang kama ang isang malaking maleta. Nang mabuksan ito'y tumambad sa nananabik na mata ni David ang makapal na salansan ng "Chesterfield." Maliksi niyang pinagdalawang balot ang mga ito at tinalian nang mahigpit. Makailang sandali pa'y nasa pook na siya ng paghahagisan niya at hintakot na nakikiramdam. Ang kinalalagyan ng kotse'y ikinukubli ng manipis na karimlang nakabalot sa paligid. Kung may mangilan-ngilan mang nagdaraan, ay batid niyang mga manggagawa lamang na hindi makikialam sa kanyang gagawin. Sa may gawing andamyo naman ay isa lamang tao ang nakatayo, nguni't di naman sa kanilang gawi nakatingin.

Mula sa dilim ay sumulpot ang nakikiramdam ding si Selo. Tumingala.

—Ihagis mo na, David!! —mahina, nguni't mariing anas sabay kumpas ng isang kamay na naghibigay hudyat. —Daliin mo hanggang walang nakakakita.!

Kumakaba ang dibdib na binuhat ni David ang isang balutan ng sigarilyo. Luminga-linga muna siya sa dako pa roon upang matiyak na wala ngang nakasasaksi sa kanyang gaga-

(Buklatin sa pahina 17)

# Matatandang Kaugalian Natin

# ANG PAG-AASAWA

**Sinulat ni J. R. DE LEON**

SINASABI ng Kasaysayan ng **Pilipinas** ni Dr. Eufronio M. Alip na bago dumating dito ang mga kastila, ang karaniwang ugali ng mga pilipino ay ang pag-aasawa ng mga magsing-uri. Ang pag-aasawa ng isang mataas sa isang mababa ay nangyayari rin. Ang mga pagdiriwang ng kasal ay iba-iba ayon sa uring panlipunan na kinabibilangan ng bawa't panig.

Sa mga **maharlika**, ang tagapamagitan na karaniwa'y isang **timawa** ay siyang umaayos ng lahat ukol sa **kasal**, kasama na rito ang **pag-uusap** tungkol sa **bigay-kaya** at iba pang mga handog. Ang mga pagdiriwang ng kasal ay ginagampanan ng isang tagaritong **baylan o katalonan** (pare) na siyang nagkakasal sa dalaga at binata.

Sa mga **timawa** at **aliping namamahay**, ang kasal ay ginaganap sa pamamagitan ng pagtungga ng babae at lalaki sa iisang saro, sinusundan ng sigaw ng ilang panauhin na **naghahangad sa bagong-kasal** ng mahaba, masagana at mabungang buhay.

Sa mga **aliping sagigilid**, ang kasal ay idinaraos nang walang inuman. Karaniwang ang panginoon ay siyang nagbubuhol ng mga palad ng baguntao at dalaga at nagpapahayag na sila'y mag-asawa na.

Sa panahon ng pananakop ng Espanya sa Pilipinas, ang mga paraan at pagdiriwang ng kasal ay nabago nang nabago. Sa mga huling taon, pagkatapos ng paghingi ng kamay, pagkakasundo hinggil sa bigay-kaya sakaling mayroon, araw ng kasal at iba pa, ang mga paghahanda para sa mahalagang pagkakataon ay sinisimulan ng panig ng lalaki. Lalu na't mariwasa o talagang mayaman ang mga magulang nito, walang salang ang mga pagdiriwang ay maringal at ang handa ay masagana. Hindi nila nalilingon ang malaking gugol, palibhasa nang panahong iyon, ang mga magulang ng lalaki ang halos pumipili ng magiging asawa ng kanilang anak, una; at ikalawa, ang kanilang pamamanhik o paghingi ng kamay ay nangangahulugan ng kanilang pagpapatibay pagpapakasal ng nasabing anak sa babaing mamanugangin nila. Nangyayari pa kung minsan, na dahil sa kalakhan ng kanilang pagkakaibig sa mabuting mamanugangin, ang mga magulang ng lalaki, sakaling mahirap, ay napipilitang mangutang upang makapaghanda at sa gayo'y maipakilala ang kanilang pagpapahalaga at pagmamahal sa magiging "bagong anak na babae." Sa panahong iyon, ang pagkakasal ay ginaganap ng pare sa simbahan. Ang dingal ng mga seremonya ay umaalinsunod sa lukbutan ng lalaki. Gayundin ang masasabi tungkol sa handa. Ito'y ginagawa sa bahay ng babae. Nagpapatay ng baka o kalabaw; nagkakatay ng baboy; hindi nawawalan ng litson. Sa malalaking handaan ay maraming iba't ibang putahe, bungangkahoy at matamis. Kahi't naman sa maliliit na kasalan ay may handang pinagsasaluhan. Ibig ipakilala sa lahat ng ito na ang pagbubuhol ng mga palad ng isang binata't isang dalaga ay itinuturing na napakahalagang bagay noon, hindi isang laruan lamang. Ang kahalagahan ng pag-aasawa ay tinuturol ng tulang sumusunod:

**Isip yata ni Kayuro**
**ang mag-asawa ay biro,**
**parang kaning isusubo**
**at iluluwa kung mapaso.**

Sa mga pagdiriwang sa kasalan ay karaniwan ang "mga **maligayang bati**" at "mabubuting hangad." Tunay, ang kasal ay pagpasok ng dalawang pusong nag-iibigan sa **lupang pangako**, sa kaligayahan at kaluwalhatian. Nguni't sa gayong mga pagtitipon ay hindi nalilimutan ang mabibigat na tungkulin at pasanin ng isang babaing "pumasok sa **magaling**." Kaya, madalas iparinig noon ang matandang kundimang ito ng pamamaalam sa pagka-dalaga:

**Sa mundo'y wala nang**
**mahirap hanapin**
**paris ng humirang**
**ng kakasamahin,**
**kakasamahin mo'y**
**pakaiisipin**
**at bakasakaling**
**loob mo'y di sundin.**

**Araw mo'y natapos**
**sa kadalagahan**
**at ikaw'y haharap**
**sa katahimikan;**
**tuloy lilisanin**
**ang lahat ng layaw**
**dahil sa asawang**
**dapat panimbangan.**

**(Buklatin sa pahina 14)**

# DALAWANG PANGITAIN

**ni Andres Dinglasan, Jr.**

KAHAPON: nanggaling ako sa lalawigan, at isang di-malilimutang pangitain ang nakintal sa aking diwa. Ito'y ang larawan ng kasaganaan.

Bukas ang palad ng mga bukirin sa kanyang pagtanggap sa mga panauhin. Kay-gandang malasin ng nagtataasang palay na hitik sa gintuang butil. Kung mamalasin sila sa malayo ay maihahalintulad sa dalawang bagay: parang nangakalugay na buhok ng murang kadalagahan na masayang umiindak sa hihip ng hangin; para rin silang nakalatag na luntiang banig na pinakikislap paminsan-minsan ng maaliwalas na silahis ng araw.

Ang matipunong katawan ng mga punong-kahoy ay halos makipaghalikan sa lupa dahil sa taglay na bunga. Ang gulay sa tumana'y nakapagpapakulo ng tiyan kung malasin.

Masisigla ang mga naninirahan doon. Ang mukha nila'y silahis ng kasiyahan at kapanatagan sa gawaing-buhay na ginaganap. Hayung may haranahan kina Neneng mamayang gabi; hayung may pipigan kina Ka Desta bukas; hayung may pagpapasalamat kina Aling Binay sa makalawa at hayung may dadayuhing pista sa karatig-bayan.

Anupa't ang lahat ng naroo'y larawang nakapang-aakit sa sino mang pusong maibigin sa matiwasay na pamumuhay. At sino namang puso ang tatanggi sa ganitong uri ng pamumuhay? O, nais ko na ngang mamalagi sa bukiring yaon kundi nga lamang hinihingi ng pagkakataong magbalik ako sa maharot na lunsod upang ipagpatuloy ang pagtuklas ng karunungan.

NGAYON: nanggaling ako sa lalawigan at isa ring di-malilimutang pangitain ang nakintal sa aking diwa. Ito'y ang larawan ng kadahupan. Kadahupan sa lahat ng bagay na ikinabubuhay ng Sangkatauhan.

Nababalot ng lagim ang mga bukirin! Nakatiwangwang ang malalawak na lupain na wari'y pinagdamutan ng kalinga ng mapagbigay-biyayang kamay ng magsasaka.

Ang bunga ng mga punong-kahoy, ay nangabubulok sa paanan nito. Walang mamalas sa tumana kundi ang mga patpat na balag na inihahapay ng bukbok.

Nawala na ang dating sigla ng mga mamamayan. Ang mga yayat nilang mukha'y larawan bagabag, gutom, at pagod. Wala na ang haranahan kina Neneng, wala na ang pipigan kina Ka Desta, wala na ang pagpapasalamat kina Aling Binay, at wala na rin ang mga dadayuhing pista sa karatig-bayan.

Malamlam na ang silahis ng dati'y maamong mukha ng Araw.

Bakit kaya? Ano ang dahilan?

Ano na kaya ang nangyayari sa Kasalukuyan sa Bayan kong Tinubuan?

## ILANG TALUDTOD

Ni Moises A. Santiago

### MAYO

Pang-apat na supling ng pagkakataong
Sa bunga't bulaklak ay yumayamungmong;
Ang namamanata ay pulupulutong
Sa "Antipolo" mo at "San Pascual Baylon";
Nguni't ako nama'y pang-apat ding usbong
Ng sangang-dalita't dusang suson-suson;
Sa palad kong aba'y laging nakatuon
Ang yamba ng lupit ng pagkaparool...
...Ikaw, kung ngumiti'y minsan sa sangtaon,
Ako, kung lumuha'y sa habang panahon.

## Ang Pag-aasawa

(Karugtong ng nasa pah. 12)

Tanang kaibiga'y
kusang lilimutin,
dating kasayaha'y
pilit aalisin;
ang bawa't kilos mo
ay pag-iisipin
at baka masawi
sa asawang giliw.

Maliwanag na ang pag-aasawa noon sa ganang babae ay isang pagtalikod sa mga kasayahan at pagyakap sa pagpapakasakit. Kung idaragdag pa rito, ang wika ni Teodoro M. Kalaw, ang mga gawain ng isang pilipinang may asawa at ang kanyang mga pagtitiis sa pag-aalaga ng mga anak niya, ang kanyang kalagayan ay dumadakilang katulad ng sa isang tunay na bayani. Kaya, ang mga pilipinang ikinakasal noon ay karaniwang napapaiyak, napapaiyak ng buong dalamhati. Maaari nga ba namang malimutan nila ang kanilang kapalaran?

Binanggit din ni Kalaw na ayon sa isa nilang salawikain, apat na bagay ang hinihingi ng mga intsik sa kanilang babae: na ang kabaitan ay tumahan sa kanyang puso, na ang kahinhinan ay magningning sa kanyang noo, na ang katamisan ay lumabas sa kanyang mga labi, at ang paggawa ay umabala sa kanyang mga kamay. Tungkol sa asawang haponesa ay sinabi niya ang mahahalagang tungkuling ito: ang pag-aalaga sa kanyang tao, ang pag-aalaga sa mga anak, ang pag-aalaga ng bahay, ang pag-aaral ng paggalang na panlipunan, ang pag-aaral ng mga seremonya ng bulaklak at ang pagkabatid sa mga seremonya ng tsa.

Saka sinabi niyang ang kahalagahan at pananagutan ng asawang pilipina ay nakahihigit; at sa pamamahay, ay walang kaparis sa buong daigdig. Pagkatapos ng Diyos, ay ang babae, anang isang matandang kasabihan.

Kung mapatutunayan natin, ang kanyang patuloy, na ang pamilya ay siyang celula social ng bansa, at idurugtong natin ngayon na ang asawa o ina ay eje central ng pamilyang iyan, may katwiran tayong maghulo na sa Pilipinas, ang kaligayahan o kasawiang-palad ng bayan ay nasasalaylay nang malaki sa babae. Diyan nagbubuhat ang mabibigat na pananagutang napapataw sa kanya. Ang kanyang bahagi ay tangi sa pamilya, at sa gayon, siya'y tinatawag na maybahay o may-ari ng bahay, sa Katagalugan.

Mula sa pagkakasal, ang babaing pilipina ay tumutupad ng maraming tungkulin bilang asawa. Ang kanyang iba't ibang mga gawain ay hindi nagtutulot sa kanya ng panahon para sa ibang mga gawaing panlipunan. Ang patunay ng ilang manunulat sa bagay na ito ay nagkakaisa.

Ani Mallat: "Ang mga babaing pilipina ay nakikihati sa marami sa mga kapintasan o pagkukulang ng kanilang mga tao. Sila'y lalong masipag at maramdamin kaysa mga lalaki. Malimit na sila ang naghahanapbuhay para sa pagkain ng pamilya."

Ani F. H. Sawyer: "Sila'y may malaking kapangyarihan sa pamilya. Ang lalaki ay bihirang magtapos ng ano mang mahalagang gawain nang di sinasangguni muna ang kanyang maybahay."

Ani P. Gaspar de S. Agustin: "Sila'y masunurin, magalang at mapagbigay; at may malaking pag-ibig sa kanilang mga tao."

## Nang Magdaan Ang Daluyong

(Karugtong ng nasa pah. 9)

TUNT. 10. Lahat ng mga paaralan o kapisanan sa pagtuturo ay sasailalim ng pangangalaga ng Pamahalaang-bansa at tatalima sa mga alituntuning ilalagda nito. Ang Pamahalaan ay magtatatag at magpapairal ng isang alituntuning ganap at angkop sa ikadurunong ng bayan at magbubukas ng mga walang-bayad na paaralang-bayan sa mga pangunang karunungan man lamang, at sa ikatututo ng mga magulang nang tao ng mga karapatan at tungkulin nila sa pagka-mamamayan. Lahat ng mga paaralan, dalubhasaan at pamantasan ay magsisikap ng pagpapalusog ng mabuting kaasalan, ng wastong pagtataguyod sa sari-sarili at sa pakikipagsamahan, ng damdaming-bayan at ng kasanayang hilig sa paghahanap-buhay upang mangagkaroon ng kasapatang-kaya sa pakikipamuhay, tuloy magtuturo sa madla ng mga tungkulin sa pagka-mamamayan. Magpapatuloy ang mga paaralang-bayan sa gaya ng hanggang ngayo'y ipinahihintulot ng batas na maibigang pagtuturo ng nauukol sa pananampalataya. Ang Pamahalaan ay maglalaan ng salapi sa

(Buklatin sa pahina 16)

## SA PUTING-TABING

ISANG pelikulang ang kasaysayan ay naganap may apatna-raang taon na ang nakararaan ang masasaksihan sa marikit na pelikulang "Hiwaga Ng Langit" ng Fortune Pictures, na ang mga bituing nagsisiganap ay sina Rico Romero at Gracita Dominguez, kasama sina Jose Troni, Darmo Frazer Acosta, Vidal Escudal, Marcelo Santos, Elizabeth Montes at marami pang iba. Tatlong mga batang bituin ng kalulugdan sa pelikulang ito, sina Baby Violeta, Baby Linda, ang kahanga-hangang batang bituin sa radyo, at si Helen Grace, ang batang may anim na taong gulang na kalulugdan sa kahangahangang pagsasayaw ng ballet.

Pinamahalaan ni direktor Fausto S. Gonzales ang direksiyon at ginagawa sa estudyo ng Liwayway Pictures, ang "Hiwaga ng Langit" ay siyang panganay na handog ng Fortune Pictures sa kanyang paggitna sa larangan ng pelikulang tagalog.

MGA tagpong lubhang madamdamin, puno ng pakikipagsapalaran at pag-iibigan ay siyang masasaksihan sa pambihirang pelikulang "Dugo ng Bataan", unang handog ng Zamboanga Pictures, Inc., na simula sa ika-6 ng Hunyo ay mapapanood na sa dulaang Dalisay. Ang pelikulang ito na may salin sa Ingles sa ilalim ng pamagat na "Blood and Salvation" ay nilalabasan nina Leopoldo Salcedo, Mona Lisa at Fernando Royo na tinutulungan ng mga tanyag na bituin sa pelikula, kasama ang karamihan sa mga pilipinong nagsilabas sa pelikulang "American Guerilla In The Philippines". Ang mga tagpo ng labanan ay lubhang makatotohanan sapagka't ang mga tangke ng hukbong pilipino at amerikano, pati ang mga kanyong ginamit noong tubusin tayo sa pang-aalipin ng mga hapones ay makikitang lahat, sa kagandahang loob ng kagawaran ng Tanggulang Pambansa ng Pilipinas at ng Estados Unidos. Ang bayan ng Angono, Rizal ay naging isang tunay na larangan ng digmaan noong nakaraang linggo nang isalarawan doon ang mga tagpo ng labanan sa marikit na pelikulang ito. Mahigit na isang libong ekstra ang kinailangan ng pangasiwaan ng Zamboanga Pictures, Inc. upang maisagawa ng buong kariktan ang pelikulang ito. Ginagawa sa estudyo ng Movietec, ang "Dugo ng Bataan" ay ipinamamahagi ng Lebran Productions. Si direktor Constancio T. Villamar ang namahala sa direksiyon katulong si Hermie Alonzo. Editor sa pelikula si Braulio Calma at sa musika naman si Josefino Cenezal.

HIGIT na maganda at tunay na panooring mapaglilibangan ay siyang kabuuan ng pelikulang "Huling Konsiyerto", ikalawang handog ng Benito Bros. Pictures, pagkatapos ng tagumpay nila sa hindi malilimot na "Irog, Paalam." Sa "Huling Konsiyerto" ay gumaganap ng mga pangunahing papel sina Carmen Rosales, ang kasintahang mang-aawit sa putingtabing, Domingo Principe, ang beteranong artista sa tanghalan, pelikula at radyo, at Fara Lizardo, ang tanghal na bituin sa "Song of Sto. Tomas."

# Mga Panooring Ihahandog Ng LVN Pictures






**Itaas: tagpo sa "YOLANDA", na pinangungunahan nina Celia Flor at Teody Belarmino, katulong sina Alfonso Carvajal, Lila Luna at Nenita Vidal. Isa pang marikit na pelikula ng LVN na sinulat at pinamamahalaan ni Susana de Guzman.**

**Kanan: tagpo naman sa "VENUS" na tinatampukan ni Lilia Dizon. Sa pelikulang iyan ay inilalarawan ang dakilang pag-ibig ng Diyosa ng Kagandahan, ayon sa isinasaad ng miteolohiya Griyega. Isa pang likha ng LVN na tiyak na kalulugdan ng madla.**



**Sa kaliwa ay makikita ang ilang bituin at tauhan ng LVN nang mga sandaling inihahanda ang isang tagpo sa "TALISMAN" na pinamamahalaan ni Enrique Jarlego. Makikita sa larawan sina Armando Goyena Nelia Alvarez, Ray Lacap, Tino Garcia, Luis Reyes at iba pang kasama, samantalang nakikinig sa ipinaliliwanag ng direktor.**

## Nang Magdaan Ang Daluyong

(Karugtong ng nasa pahina 14)

pagpapaaral ng mga sining, kaaghaman at panitikan sa mga taong-bayang may di-karaniwang kakayahan.

TUNT. 11. Kakakalingain ng Pamahalaan ang paggawa, lalung-lalo na ang mga manggagawang babae at batang walang sapat na gulang, at panunutuhan ang pagsasamahan ng maylupa at mga kasama, at ang pagpapalagayan ng paggawa at puhunan sa mga sakahan at pagawaan. Maaaring ang Pamahalaa'y mag-utos ng sapilitang pag-aayos ng mga sigalot sa paggawa.

TUNT. 12. Maáaring ang Pamahalaan, sa ikabubuti at ikapag-sasanggalang ng Bansa, ay magtatag at magpalakad ng mga industriya o hanapbuhay at ng mga kaparaanan sa palulanan at pahatiran, at sa pamamagitan ng karampatang bayad, ay maglipat sa nga'an at kapakanan ng bayan ng pagmamay-ari sa mga kagamitang-bayan at iba pang mga hanapbuhayang ari ng mamamayan, upang ang Pamahalaa'y siya nang magpalakad ng mga ito.

TUNT. 13. Hindi magkakaloob ng prangkisya, katibayan o ano mang uri ng kapahintulutan para sa pagpapalakad ng isang kagamitang-bayan maliban na lamang sa mga mamamayang Pilipino, o sa mga samahan at iba pang kapisanang natatatag nang ayon sa mga batas ng Pilipinas, na ang animnapu sa sandaan ng puhunan ay ari ng mga mamamayang Pilipino; ni ang nasabing prangkisya, katibayan o kapahintulutan ay magkakaroon ng uring sariling-sarili, ni tatagal nang mahigit sa limampung taon. Walang prangkisya o tanging kapahintulutang maipagkakaloob sa sino mang tao, bahay-kalakal o samahan, maliban na lamang sa pagkakaunawang yao'y maaaring susugan o baguhin, o pawalang-bisa ng Kapulungang Pambansa kung gayon ang hinihingi ng kapakanang-bayan.

TUNT. 14. Ang Kapulungang Pambansa ay hindi makapagbabatas ng pagbuo, pagtatatag o pagpapalakad ng mga samahang partikular nang di sa bisa ng pangkalahatang batas, at maliban na lamang kung ang nasabing samahan ay ari o itinataguyod ng Pamahalaan o ng alin mang pangkat o sangay nito.

### PANGKAT X. — PAGSUSUSOG

TUNT. 1. Ang Kapulungang Pambansa, sa pamamagitan ng pasiya ng dalawang-katlong bahagi ng lahat niyang kagawad, ay makapagpapalagay ng mga susog sa Saligang-Batas na ito, nguni't ang nasabing mga susog ay di magkakabisa na bilang bahagi ng Saligang-Batas kung di pagtitibayin muna ng sambayanan sa pamamagitan ng plebisito o ng isang kapulungang panlahat na sadyang tinawag at ipinaraos ng batas sa araw at kaparaanang itinatakda nito.

### PANGKAT XI. — MGA TADHANANG PANSAMANTALA

TUNTUNING 1. Ang Saligang-Batas na ito ay pagtitibayin ng sambayanan sa isang plebisito o kapulungang panlahat na sadyang tinawag para sa layong ito. Ang kaparaanan ng pagdaraos ng tinurang plebisito o kapulungang panlahat ay itatadhana ng batas.

TUNT. 2. Ang unang Kapulungang Pambansa ay magtitipon sa pook at araw na takda ng batas, at kapagdakang matatag ay maghahalal ng Pangulo ng Republika ng Pilipinas.

TUNT. 3. Ang mga kasalukuyang kagawarang tagapagpaganap ng umiiral na Pamahalaang Tagapagpaganap ng Pilipinas ay mangagpapatuloy na bilang kagawaran o Ministeryo ng Republika hanggang ang Kapulungang Pambansa ay hindi nagbabatas ng ibang bagay.

TUNT. 4. Lahat ng batas sa Pilipinas ay magpapatuloy sa taglay na bisa hanggang sa mapasinayaan ang Republika; pagkatapos nito, lahat ng nasabing mga batas ay mananatili sa pag-iral maliban kung baguhin, mapag-ibang-ayos o mapawalang-bisa ng Kapulungang Pambansa, at lahat ng banggit ng nasabing mga batas sa Pamahalaan at mga pinuno ng Pilipinas o ng Pamahalaang Tagapagpaganap ng Pilipinas, ay ipalalagay hangga't maiuukol, na tumutukoy sa pamahalaan at mga kinauukulang pinuno sa ilalim ng Republika.

TUNT. 5. Lahat ng hukumang nakatatag sa araw ng pagpapatibay sa Saligang-Batas na ito ay magpapatuloy sa pag-iral sa kani-kanilang kasaklawan, maliban na lamang doon sa maaaring maging di-angkop sa mga tadhana ng Saligang-Batas na ito rin, hanggang sa ang batas, sang-ayon sa Saligang-Batas na ito rin, ay magtadhana ng ibang bagay, nguni't ang lahat ng usapin, maging sibil o kriminal, na nabibimbin sa nasabing mga hukuman ay lilitisin at pagpapasiyahan nang ayon sa mga batas na hanggang noo'y umiiral.

TUNT. 6. Lahat ng pinuno at mga kawani ng Pamahalaan sa ilalim ng Pamahalaang Tagapagpaganap ng Pilipinas ay magpapatuloy sa kani-kanilang tungkulin hanggang sa ang Kapulungang Pambansa ay di nagtatadhana ng ibang bagay; nguni, lahat ng pinunong ang paghirang sa kanila, sang-ayon sa Saligang Batas na ito, ay nasakamay ng Pangulo, ay aalis sa kani-kanilang tungkulin pagkahirang at pagtanggap ng tungkol ng kani-kanilang kahalili.

(ITUTULOY)



## Tagumpay?

(Karugtong ng nasa pah. 12)

ano, Teban?

—At hindi mo ba nabalitaan ang pagkamatay ng kanyang ama? —pabigla ang pagkakatanong ni Teban. —Naku! iyan palang tao, kung ano ang ginagawa sa araw-araw ay siyaring gagawin bago mamatay. Akalain mo ba namang si Mang Iskong ama ni Belen e nagbabalasa ng baraha sa huling sandali ng buhay ?

—Ano ikamo, nagbabaraha? —ang di makapaniwalang tanong ni Carding.

—Oo, nagsusuksok ng baraha, —at ipinagdiinan pa ang huling salita. —Marahil bago ka naman mamatay ay makakarinig kami ng tula, ano?

—Marahil, —ang wala sa loob na tugon ni Carding. —Aba, lumagpas ka yata ng daan?

—Siyanga, ano! Siya, diyan ka na!

At naghiwalay ang dalawa.

Walang anu-ano'y biglang napahinto sa paglalakad si Carding. Nagunita niya ang amang may sakit. Nanumbalik sa kanyang diwa ang huling katagang sinabi nito bago siya umalis. Mga katagang hindi niya pansin, nguni't siyang susi ng katotohanang ikinukubli ng pagwawalang-bahala.

"...Nguni't kung magtatagumpay ka, ang naging kapalaran mo'y sa langit ko na hihintayin..."

Nanlaki ang kanyang mga mata at napatingala siya sa langit.

Ibig niyang malipad sa isang iglap ang kanilang tahanan. Malalaki ang kanyang mga hakbang. Naghahabulan ang kanyang mga paa.

Mayamaya'y lumakas ang hihip ng hangin, at sa pandinig ni Carding ay may tinig na bumasag sa katahimikan. Pumailanglang ang isang malungkot na tula, umalingawngaw sa kanyang pandinig... nanunuot sa kanyang puso. Kilala niya ang tinig na iyon. Kilala niya ang tulang iyon, sapagka't yaon ay tinig at tula ng kanyang ama.

Kahit saan siya gumawi ay nauulinigan niya ang tinig. Patuloy siya sa pagtakbo. Parang nawawaglit siya sa sarili. Hindi niya nakikilala ang landas, ang paligid, ang pagod, ang hirap. Wala siyang nakikilala kundi ang tinig ng kanyang amang tila nagmumula sa langit.

Dahil sa kapagalang hindi na mapaglabanan ay napasubasob siya sa damuhan. Sa pagbagsak ng kanyang katawan ay naramdaman niyang may malambot na bagay na nadaganan ang kanyng bisig. Pumigsi iyon na kasabay ng panlalaki ng kanyang ulo at ng pagkirot ng kanyang bisig na anaki'y kinurot ng isang dalaga. Samantala'y unti-unting naggagalawan ang mga damo. Nahahawing tila may gumagapang na hayop sa ilalim. Hinangad niyang bumangon nguni't nakapanaig ang panghihina ng kanyang katawan.

—Ama ko!... O, ama ko!

Nguni't ang panaghoy niya'y di kayang lumupig at mangibabaw sa taginting ng tulaing kanyang naririnig. Patuloy na pumapailanglang sa papawirin at patuloy na naglalagos sa kanyang pandinig.

Sa kalaunan ay hindi na niya makuha pang igalaw ang kanyang mga kamay. Nawawalan ng dugo ang kanyang mukha, naghihirap ang kanyang paghinga, nanunuyo ang kanyang lalamunan. At... biglang nagdilim ang kanyang paningin, naparam ang tinig, naghari ang ganap na katahimikan sa lahat ng dako.

MAKALIPAS ang mahabang sandali ay bumasag sa katahimikan ang panangis ng isang ina. Ang umiiyak na tinig ay tinangay ng amihan, inilipad sa kalawakan, idinampi sa luntiang mga dahon, sa nakatiwangwang na lupa, sa payapang ilog, sa tuyong punungkahoy... at higit sa lahat, inihatid sa dibdib ng nayong Pulang-Lupa. (X)


Ang Pag-inom ng Coca-Cola ay Higit na Mabuti Kaysa Isipin Lamang Ito




San Miguel Brewery

MAY PAHINTULOT MAGSABOTELYA SA PILIPINAS



Natapos din ang aking paghahanap sa
BUCCANEER
VIRGINIA CIGARETTES
Ang hinahanap ni Donald O'Connor sa "Double Crossbones" ng U-I ay kayamanan. Sa paninigarilyo, ang pinaghahanap' ay kasiyahan... sa paghitit ng BUCCANEER!
BUCCANEER
VIRGINIA
Cigarettes
SA KASIYA-SIYANG PAGHITIT!
Makinig sa "Remote Control Broadcast" sa Nobena sa "Our Mother of Perpetual Help" sa simbahan ng Baclaran tuwing Miyerkoles mula sa ika-6:00 hanggang ika-6:30 n.g. at mula sa ika-7:00 hanggang ika-7:30 n.g. sa DZPI.